





E-mail: Industrial or a published on a published by a lipsel or a published by a lipsel or a published on a published or a published on a published or a published on a pub

حقوق الطبع محفوظة الطبعة الأولى ١٤١٥هـ – ١٩٩٤م

ك المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد بالزلفي، ١٤١٥هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

مسائل في العقيدة.

۳۲ م*س ؛* ۱۲ × ۱۷ سم

ردمك ٢ – ٢ – ٩٠٢٤ – ٩٩٦٠

(النص باللغة الفلبينية)

١. العقيدة الإسلامية

w ---- # ----

ديوي ۲٤٠

۲. التوحید
۱٥/٠٧٤٤

رقم الايداع: ١٥/.٧٤٤ ردمك: ٣ - ٦ - ٩٠٢٤ - ٩٩٦.

أصول العقيدة

فلبيني

يتطرق هذا الكتاب للمواضيع التالية:

.1	التوحيد
٠,٢	أنواع التوحيد
۳.	شرط قيول الاعتقاد
. £	الشرك
. 0	أنواع الشرك
۲.	الفرق بين الشرك الأكبر والأصغر
٧.	بعض الأعمال الشركية
۸.	الحلف بغير الله
.4	استعمال الطلاسم ونحوها
.1.	الذبح لغير الله أ
.11	ما يفعل عند القبور
.17	الذهاب إلى العرافين
.17	معنى الشهادتين
.1 £	فضل لا إله إلا الله
.10	شروط لا إله إلا الله
.17	معنى محمد رسول الله
.17	شرح أركان الإيمان
.11	نواقض الإسلام
.19	نقاط مهمه حول العقيدة

أصول العقيدة - فلبيني

المحتويات

Bilang	Mga Nilalaman	Pahina
1.	Ang Tawheed	5
1.	Tawheed Ar-Ruboobiyah	5
	Tawheed Al-Uloohiyah	6
	•	7
2	Tawheed Al-Asma' wa As-Sifat	
2.	Kondisyon Upang Maging Tanggap ang Paniniwala	
3.	Ang Shirk	9
	Ang mga Bahagi ng Shirk	10
	Ang Ipinagkaiba ng Malaking Shirk sa Maliit na	
	Shirk	10
4.	Ilan sa mga Gawaing Shirk	11
	1. Ang panunumpa sa iba sa halip na kay Allah	11
	2. Ang Paggamit ng Agimat at mga Tulad nito	11
	3. Ang Pag-aalay ng Hayop sa Iba pa Kay Allah	13
	4. Ang Magagawa sa Libingan	13
	5. Ang Pagpapahula	14
5.	Ang Kahulugan ng Shahadah	16
6.	Ang Kahalagahan ng La Ilaha Illallah	17
7.	Ang Pitong Kondisyon ng La Ilaha Illallah	17
8.	Ang Kahulugan ng Muhammad Rasulullah	21
9.	Maikling Pagpapaliwanag ng mga Haligi ng	
	Pananampalataya	21
10.	Ang mga Nakasisira sa Pagka-Muslim	27
11.	Ilang Mahahalagang mga Punto	30

بسم الله الرحمن الرحيم

Ang papuri ay kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilikha. Ang pagpapala at pagbati ni Allah ay mapasakay Muhammad sampu ng lahat ng kanyang mag-anak, mga kasama, at mga sumusunod nang mabuti hanggang sa pagdating ng Araw ng Paghuhukom.

Ang Tawheed

Ang Tawheed ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa mga nauukol at nararapat sa Kanya. Ang Iman ay ang paniniwalang kalakip ang pagtanggap at pagtalima. Ang Tawheed ay nahahati sa tatlong bahagi: ang Tawheed Ar-Ruboobiyah, ang Tawheed Al-Uloohiyah, at ang Tawheed Al-Asma' wa As-Sifat.

Tawheed Ar-Ruboobiyah

Ang Tawheed Ar-Ruboobiyah (Kaisahan ng Pagkapanginoon) ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa paglikha, paghahari, at pag-uutos). Si Allah lamang ang ang pangangasiwa (0 Tagapaglikha at wala nang iba pa. Ang sabi Niya: "Mayroon pa bang tagapaglikha bukod kay Allah na nagtutustos ng inyong mga pangangailangan buhat sa langit at lupa? Walang ibang Divos kundi Siva."(35:3). Saklaw ng kanyang paglikha ang nagyayari sa Kanyang mga ginawa at ang nangyayari rin sa mga ginawa ng Kanyang nilikha. Ang sabi Niya: "At si Allah ang lumikha sa inyo at sa inyong ginagawa."(37:96) Ganoon din ang pamumukod-tangi Niya sa paghahari. Siya ang naghahari sa bawat bagay. Ang sabi Niya: "Masagana ang pagpapala Niya (Allah) na ang paghahari ay nasa Kanyang kamay. At Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay."(67:1) Ang paghahari ni Allah ay paghaharing sumasaklaw sa lahat ng nasa kalawakan.

Pinamamahalaan Niya ito sa paraang ninanais Niya. Tungkol naman sa pamumukod-tangi ni Allah sa pangangasiwa, tunay na si Allah ay namumukod-tangi sa pangangasiwa (o pag-uutos) sapagkat Siya ang nangangasiwa sa lahat ng nilikha. ang sabi Niya: "Tunay ngang ang paglikha at pag-uutos ay ukol sa Kanya lamang. Sagana ang pagpapala ni Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang." (7:54)

Tawheed Al-Uloohiyah

Ang Tawheed Al-Uloohiyah (Kaisahan ng Pagkadiyos) ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa pagsamba anupa't si Allah ay hindi gagawan ng tao ng kasamang sasambahin at dadaupan. Dahil sa Tawheed Al-Uloohiyah, kalakip ang Tawheed Ar-Ruboobiyah at Tawheed Al-Asma' wa As-Sifat (Kaisahan ng mga Pangalan at mga Katangian), ay isinugo Niya ang mga propeta. Magkagayon pa man, ang karamihan sa ipinangangaral ng mga propeta sa kanilang mga kababayan ay ang Tawheed Al-Uloohiyah. Hindi dapat pag-ukulan ng tao ng anumang uri ng pagsamba ang iba pa kay Allah, maging iyon man ay anghel na malapit (kay Allah), propetang isinugo, banal na tao, at kahit sinuman sa mga nilikha sapagkat ang pagsamba ay hindi katanggap-tanggap kung hindi inukol kay Allah. Ang sinumang lumubag sa Tawheed na ito ay nagiging isang mananampalatayang Mushrik* kahit patotohanan man niya ang Tawheed Ar-Ruboobiyah at ang Tawheed Al-Asma' wa As-Sifat. natin na may isang taong ganap na ipagpalagay pinatotohanan ang Tawheed Ar-Ruboobiyah at ang Tawheed Al-Asma' ngunit nagpupunta naman siya sa isang puntod at sinasamba ang nakalibang doon o pinananalanginan ito o pinagaalayan ito ng hayop upang sa pamamagitan ng alay na ito mapalapit dito, ang taong ito ay Mushrik na di-mananampalataya

^{*}Ang taong nagkakasala ng shirk.

at habampanahon na mananatili sa Impiyerno. Ang sabi ni Allah: "Tunay na ang sinumang nagtambal kay Allah, ipagkakait ni Allah sa kanya ang Paraiso at ang kanyang magiging uwian ay ang Impiyerno. At ang mga makasalanan ay walang mga tagapagsaklolo." (5:72) Batid ng lahat ng nakabasa ng Aklat ni Allah na ang mga Mushrik na nakalaban ng Propeta (SAS) ay nagpapatotoo na si Allah lamang ang Panginoon at ang Tagapaglikha -- wala silang pag-aalinlangan doon. Subalit yamang bukod pa kay Allah ay may iba pa silang sinasamba, dahil doon ay naging mga Mushrik sila.

Tawheed Al-Asma' wa As-Sifat

Ang Tawheed Al-Asma' wa As-Sifat (Kaisahan ng mga Pangalan at mga Katangian) ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa mga pangalan at katangiang ipinangalan at ipinanlarawan Niya sa Kanyang sarili ayon sa nasasaad sa Kanyang Aklat (Our'an) o sa sinabi ng Kanyang Sugo (SAS). Iyon ay sa pamamagitan ng pagpapatotoong tinataglay Niya ang anumang pangalan o katangiang pinatotohanan Niyang tinataglay Niya. pagpapatotoong ito ay kailangang) walang tahreef (Ang (pagpapalit ng kahulugan), walang ta'teel (pag-aalis ng kahulugan), walang takveef (paglalarawan), walang tamtheel (pagtutulad). Kaya dapat paniwalaan ang (mga pangalang) ipinangalan niya sa Kanyang sarili sa paraang ayon sa tunay na kahulugan ng pangalan at hindi sa kahulugang patalinhaga. Halimbawa: pinangalanan ni Allah ang kanyang sarili na Al-Havy Al-Qayyoom (Ang Nabubuhay at Ang Tapag-aruga) kaya tungkulin nating maniwala na ang Al-Hayy (Ang Nabubuhay) ay isa sa mga pangalan ni Allah at tungkulin nating paniwalaan ang katangiang tinagtalay ng pangalang ito na walang iba kundi ang ganap na buhay na hindi nagsimula sa wala at hindi mauuwi sa paglaho. Pinanglanan ni Allah ang Kanyang sarili na As-Samee`

(Ang Nakaririnig) kaya tungkulin nating maniwala na ang As-Samee' ay isa sa mga pangalan Niya, na ang pagdinig ay isa sa mga katangian Niya, na Siya ay nakaririnig. Isa pang halimbawa ay ang sabi ni Allah: "At ang sabi ng mga Hudyo, Ang kamay ni Allah ay nakagapos. Kamay nila ang nakagapos at isinumapa sila sa kanilang sinabi. Datapuwa't ang dalawa Niyang kamay ay nakaabot. Nagbibiyaya Siya sa paraang naisin Niva."(5:64) Pinatotohanan ni Allah na ang Kanyang sarili ay nagtataglay ng dalawang kamay na inilarawang at ang ibig sabihin ay masaganang pagbibigay. nakaabot Samakatuwid, tungkulin nating maniwala na si Allah ay may dalawang kamay na nakaabot upang magbigay at magbiyaya. Subalit kailangang huwag nating tangkaing isipin o sabihin ang paglalarawan ng dalawang kamay na iyon at huwag nating itulad ang mga iyon sa mga kamay ng mga nilikha sapagkat ang sabi Niya: "Walang anumang katulad sa Kanya. At Siya ay Ang Nakaririnig at Ang Nakakita."(42:11) Ang buod ng tinalakay tungkol sa uring ito ng Tawheed ay: patotohanang nagtataglay si Allah ng mga pangalan at mga katangian na pinatotohanan Niyang tinataglay ng Kanyang sarili o pinatotohanan Kanyang Sugo (SAS) na tinataglay Niya, ayon sa tunay na kahulugan ng mga ito. Patotohanan ang mga ito nang walang tahreef (pagpapalit ng kahulugan), walang tamtheel (pagtutulad), walang takyeef (paglalarawan), at walang ta'teel (pag-aalis ng kahulugan).

Kondisyon Upang Maging Tanggap ang Paniniwala

- 1. Ang pagsunod: Ang ibig sabihin nito ay kailangang ang Aklat ni Allah (Qur'an) at ang katururan (Sunnah) ng Kanyang Propeta (SAS) ang siyang batayan ng paniniwala ng isang Muslim. Ang paniniwala ay hindi dapat isang bulag na pagsunod lamang sa mga taong mabuti ang palagay sa kanila gaya ng mga ninuno at mga nakatatanda.
- 2. Ang katapatan kay Allah sa lahat ng gawa at ang pagwawaksi ng pagpapakitang-tao at pagkukunyari.

Ang Shirk*

Ang shirk ay isang maselang bagay. Malaki ang panganib na naidudulot ng shirk. Ito ang nagtitiwalag sa tao sa Islam at nagpapalayo sa kanya sa kaligtasan. Nagbigay si Allah ng malaking babala laban sa shirk. Sinabi Niya na hindi patatawarin ang Mushrik (kung sakaling namatay siya na Mushrik). Ang sabi Niya: "Tunay na hindi patatawarin ni Allah na Siya ay tambalan (sa pagsamba) ngunit igagawad Niya ang kapatawaran sa anumang (kasalanan na) mababa pa roon, sa kaninumang naisin Niya." (4:48) Binanggit pa Niya sa ibang talata ng Qur'an na Kanyang ipinagkait ang Paraiso sa Mushrik at binantaan Niya ito ng Impiyerno. Ang sabi Niya: "Tunay na ang sinumang nagtambal kay Allah, ipagkakait ni Allah sa kanya ang Paraiso at ang kanyang magiging uwian ay ang Impiyerno. At ang mga makasalanan ay walang mga tagapagsaklolo." (5:72) Nabanggit ng Propeta (SAS) na ang

^{*}Ang shirk ay ang pagtatambal kay Allah ng anuman sa lahat ng mga nauukol at nararapat lamang sa Kanya. Ito ang kabaligtaran ng Tawheed.

sinumang mamatay na hindi tumitigil sa pagdalangin sa isang itinambal niya kay Allah ay papasok sa Impiyerno. Ang sabi niya (SAS): "Ang sinumang mamatay na hindi tumitigil sa pagdalangin sa isang itinambal niya kay Allah ay papasok sa Impiyerno."

Ang mga Bahagi ng Shirk

Nahahati ang *shirk* sa dalawang bahagi: ang malaki at ang maliit na *shirk*.

- 1. Ang malaking shirk (*shirk akbar*) ay ang pagpapantay ng iba kay Allah sa mga bagay na nauukol lamang kay Allah gaya ng pag-aalay ng hayop, pagpapatirapa, at pananalangin.
- 2. Ang maliit na shirk (*shirk asghar*) ay ang nasasaad sa Sunnah at Qur'an na tinawag na shirk subalit hindi humantong sa pagiging malaking shirk gaya ng pagsabi ng 'niloob ni Allah at niloob mo,' pagpapakitang-tao, at panunumpa sa iba sa halip na kay Allah.

Ang Ipinagkaiba ng Malaking *Shirk* sa Maliit na *Shirk*

- 1. Ang malaking shirk ang dahilan ng pagkawala ng gantimpala sa lahat ng nagawang kabutihan samantalang ang maliit na shirk ang dahilan ng pagkawala ng gantimpala sa nagawang kabutihang naugnay sa maliit na shirk.
- 2. Ang nagkasala ng malaking shirk ay mananatili magpakailanman sa Impiyerno samantalang ang nagkasala naman ng maliit na shirk ay hindi kailangang manatili magpakailan man sa Impiyerno.
- Natitiwalag sa Islam ang nagkakasala ng malaking shirk ngunit ang malliit na shirk ay hindi nakakapagtiwalag sa nagkasala nito.

Dapat layuan ng Muslim ang malaki at maliit na shirk at pangalagaan ang sarili na huwag magkasala nito.

Ilan sa mga Gawaing Shirk

1. Ang panunumpa sa iba sa halip na kay Allah

Ang panunumpang tinutukoy rito ay ang panunumpa sa isang dinadakila upang bigyang-diin ang hangaring gawin o hindi gawin ang isang bagay. Samakatuwid ang panunumpa sa isang bagay ay tanda ng pagdadakila rito. Ang pagdadakila ay karapatan lamang ni Allah at hindi dapat iukol sa iba. Kaya ang panunumpa sa iba sa halip na kay Allah ay hindi ipinahihintulot maging gaano man kadakila ang pinanunuumpaan gaya ni Propeta Muhammad (SAS) at ng Ka'bah.

Nagkaisa ang hatol ng mga pantas ng Islam na ang panunumpa ay nauukol kay Allah lamang o sa Kanyang mga katangian. Nagkaisa rin ang kanilang hatol na ipinagbabawal ang panunumpa sa iba pa kay Allah. Nabanggit sa maraming Hadeeth (tala ng Sunnah) sa pagbabawal sa panunumpa sa iba pa kay Allah. Ang isa rito ay ang sinabi ng Propeta (SAS): "Ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allah ay naging hindi na mananampalataya o nagtambal na sa Kanya."

Ang halimbawa ng panunumpang sa iba pa kay Allah na naging bukang bibig na ng maraming tao ay ang gaya ng sinasbi nila: "Sumpa man sa Propeta", "Sumpa man sa Ka'bah", "Sumpa man sa Al-Haram Ash-Shareef", at "Sumpa man sa iyong buhay." Sa mga Pilipino ay bukang-bibig ang ganitong panunumpa: "Isinusumpa ko sa iyo."

2. Ang Paggamit ng Agimat at mga Tulad nito

May mga taong nagkukuwintas o nagpulseras o nagsusuot ng mga agimat, anting-anting, galing o mga katulad nito sa pagaakalang ang mga katulad nito ay nakapagpapagaling ng mga karamdaman o nakapagdudulat ng mabuting kapalaran at nagaalis ng kamalasan o pumipigil sa kapinsalaang dulot ng mainggiting tingin.* Ang mga agimat ay ang mga bagay na hindi dapat paniwalaan ng Muslim na may matinong pag-iisip na ginawang lubos ni Allah sa pamamagitan ng Islam at pinalaya sa lahat ng uri ng paganismo at pamahiin. Ang lunas ng mga karamdaman ay hindi sa pamamagitan ng mga pamamaraang ipinagbabawal kundi sa pamamagitan ng mga pamamaraang ipinahihintulot kalakip ang pananalig kay Allah at ang paniniwalang Siya lamang ang nakapagdudulot ng nakabubuti at nakakasama. Ipinagbawal ng Sugo ni Allah (SAS) ang mga

^{*}Kapag ang isang tao ay tumingin nang may paghanga sa isang tao o anumang bagay, maaaring ito ay magdulot ng masama sa natingnan. Ang tawag sa ganito ng mga Pilipino ay usog at 'ayn naman sa Arabik. Ang sinumang tao ay maaaring makausog o mausog. Upang huwag makausog kapag tumitingin nang may halong paghanga sa isang tao o anumang bagay ay magsabi ng "Ma Sha Allah, Tabarak Allah." Para huwag mausog, kailangang bumigkas ng maraming mga du'a at mga dhikr, lalo na sa umaga at gabi, at kailangang bumigkas ng mga talata ng Qur'an gaya ng ayatul kursee (ika-255 talata ng ika-2 kabanata ng Qur'an), suratul ikhlas (ika-112 kabanata ng Qur'an) (3x), suratul falaq (ika-113 kabanata ng Qur'an) (3x), suratun nas (ika-114 kabanata ng Qur'an) (3x), at saka bigkasin ang du'a' na taammaati min sharri maa khalaa: bikalimaatillaahit bismillaahillaadhee laa yadurru ma'asnuhi shay'un fil ardi wa laa fis samaa' wa huwas samee'ul aleem (3x). Maaari ring bumigkas ng iba pang mga du'a. Para sa karagdagang mga du'a' at mga dhikr, sumangguni sa isa pang aklat natin na pinamagatang: Ang Aklat ng Mga Dhikr. Kapag nausog naman o nakulam, ang lunas ay ang tinatawag na ruqyah. Ang ruqyah ay ang pagbasa o pagbigkas para sa sarili ng mga talata ng Qur'an at mga du'a' kalakip ang pagdura nang walang kasamang laway tuwing matapos mabigkas ang naturang talata o kabanata ng Qur'an at mga du'a'. Kung hindi alam gawin ito ng nausog o nakulam, maaaring ang ibang mabuting tao ang gumawa nito para sa kanya kalakip ang pagdudura nang walang kasamang laway sa nausog o nakulam. Ang lahat ng talata ng Qur'an ay lunas ngunit ang lalong mainam na madalas bigkasin at ulit-ultin ay ang ayatul kursee, suratul ikhlas, suratul falaq, at suratun naas kalakip ang pagdura nang walang kasamang laway tuwing matapos mabigkas ang naturang talata o kabanata ng Qur'an.

agimat. Nang may nakita siyang isang lalaking nakasuut ng isang singsing na yari sa tanso ay minasama niya ang ginawang pagsuot na iyon.

3. Ang Pag-aalay ng Hayop sa Iba pa Kay Allah

Ang pag-aalay ng hayop ay isang uri ng pagsamba. Ang pagbaling nito sa iba pa kay Allah ay isang malaking shirk. Sa maraming bahagi ng Qur'an ay iniugnay Niya ito sa salah. Ang sabi Niya: "Kaya magdasal sa iyong Panginoon at mag-alay (ng hayop)."

Ang salah ay kabilang sa pinakamainam na mga pagsambang pisikal at ang pag-aalay naman ng hayop ay kabilang sa mainam na mga pagsambang nangangailangan ng paggugol. Ang salah ay hindi ipinahihintulot na ibaling sa iba pa kay Allah. Ganoon din ang pag-aalay ng hayop, hindi ipinahihintulot na ito ay ibaling sa iba pa kay Allah. Ang sinumang magbaling ng isang uri ng pagsamba sa iba pa kay Allah, siya ay Mushrik. Ang pag-aalay ng hayop sa iba pa kay Allah ay kabilang sa mga napakalaking kasalanan. Ang sabi ng Sugo (SAS) sa isang Hadeeth: "Isusumpa ni Allah ang sinumang mag-alay ng hayop sa iba pa sa Kanya."

4. Ang Magagawa sa Libingan

Ang magagawa ay dalawang uri: ang ipinahihintulot at ang ipinagbabawal. Ang ipinahihintulot ay ang pamamaraan ng Propeta (SAS) sa pagdalaw sa mga puntod. Ang mga puntod ay dinadalaw ng isang Muslim bilang pagsunod sa itinuturo ng Sunnah. Mananalangin siya para sa lahat ng nakalibing at lalong-lalo na para sa mga nakalibing niyang kamag-anak at mga kakilala. Sa ginagawa niyang ito, siya ay nagmamagandang-loob sa kanila sa pamamagitan ng pananalangin para sa kanila, paghingi ng paumanhin at kapatawaran, at awa ni Allah para sa

kanila. Sa kanyang pagdalaw sa puntod ay nagmamagandangloob din siya sa kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsunod sa Sunnah at pag-aalaala sa kabilang-buhay.

Dalawang uri ng pagdalaw ang ipinagbabawal. Ang una sa dalawa ay ipinagbabawal at nauuwi sa shirk gaya ng *tamassuh* (paghipo sa puntod sa pag-aakalang iyon ay may biyayang naidudulot) at *tawassul* (ang paghiling sa nakalibang na siya ay mamagitan kay Allah) sa nakalibing, pagdarasalsa libingan, pagsindi ng ilaw doon, labis na pagkahumaling sa libingan at labis-labis na pagmamahal sa nakalibing, at iba pang tulad nito. Ang mga ito ay bawal sapagkat ito ay nauuwi sa shirk.

Ang ikalawa ay nauuuwi sa pagkawala ng pananampalataya gaya ng pananalangin sa nakalibing sa puntod, paghingi ng mga saklolo sa mga ito, paniniwala na sila ay nakapagdudulot ng nakabubuti at nakasasama, at paghiling sa kanila ng mga pangangailangan dito sa mundo at sa kabilang-buhay. Ang mga ito ay malaking shirk at katulad ng ginagawa ng mga pagano sa kanilang mga diyos-diyusan .

Sinumang pumunta sa mga patay upang magtamo ng kapakinabangan o biyaya buhat sa kanila ay ginawa na silang mga panginoon bukod pa kay Allah. Ang nagawang shirk ng mga kababayan ni Noe at ng iba pang mga tao noong wala na sila ay ganitong uri ng shirk.

5. Ang Pagpapahula

Ang lahat ng manghuhula ay hindi mananampalataya kay Allah dahil sa pag-aangkin nilang mayroon silang kaalaman hinggil sa ghayb (anumang hindi nakikita tulad halimbawa ng mga nawawala at mga mangyayari sa hinaharap). Walang nakaaalam sa ghayb kundi si Allah. Ang marami sa mga manghuhula ay nanloloko lamang sa mga uto-uto upang makakuha ng pera sa mga ito. Marami ang mga pamamaraang

ginagamit nila sa panghuhula gaya ng horoscope, pagbabasa ng palad, spirit of the glass, pagtingin sa bolang kristal, paggamit ng baraha at iba pa. Kapag ang mga manghuhula ay nagsabi ng isang totoo, magsasabi naman sila ng siyam na pu't siyam na kasinungalingan. Ngunit ang mga hangal ay walang naaalaala kundi ang isang totoong sinabi ng mga bulaang ito. Kaya naman patuloy ang pagpunta sa mga ito ng mga tao upang malaman ang hinaharap, kung magtatagumpay o mabibigo sa pag-aasawa at negosyo, upang makita ang mga nawawala, at iba pang mga katulad nito

nagpapahula, kung talagang Ang hatol taong sa pinaniniwalaan nila ang hula o sinasabi ng mga manghuhula, ay isang di-mananampalatayang itiniwalag ang sarili sa Islam. Ang patunay niyon ay ang sinabi ng Propeta (SAS): "Ang sinumang magsadya sa isang manghuhula at maniwala sa sinabi nito ay naging di-mananampalataya sa ipinahayag kay Muhammad." Kung sakaling ang nagpahula sa mga manghuhula ay hindi naman talagang naniniwala na nalalaman ng mga ito ang ghayb subalit ang kanyang layunin lamang ay upang manubok o maging ano pa man ang layunin, hindi siya magiging dimananampalataya (kafir) subalit ang kanyang mga dasal (salah) ay hindi tatanggapin ni Allah sa loob ng 40 araw. Ang patunay nito ay ang sinabi ng Propeta (SAS): "Ang sinumang magpunta sa isang manghuhula at nagpahula rito, ang kanyang dasal ay hindi tatanggapin sa loob ng apat na pung araw." Magkagayon pa man, tungkulin pa rin niyang magdasal kahit hindi tanggap ang kanyang dasal at magsisi sa kasalanang ito!

Tayo ay nagpapakupkop kay Allah laban sa mga ikinagagalit niya at sa sakit ng Kanyang parusa. Ang pagpapala at pagbati ni Allah ay mapasakay Muhammad na siyang pinakamainam Niyang nilikha at gayon din sa kanyang mag-anak at mga kasama.

Ang Kahulugan ng Shahadah

Ang mga katagang nagpapahayag sa kaisahan ng Diyos o ang Shahadah -- La Ilaha Illallah -- ay ang saligan ng pananampalatayang Islam. Ang "La Ilaha Illallah" ay may dakilang kalagayan sa Islam sapagkat ito ang una sa mga haligi ng Islam, ang pinakamataas na sanga sa mga sanga ng pananampalataya, at ang pagtanggap ni Allah ng mga gawa ng tao ay nakabatay sa Shahadah at sa pagkilos o paggawa ayon sa mga itinatadhana nito. Ang tunay na kahulugan nitong "La Ilaha Illallah", na hindi dapat lumihis dito ang pag-unawa, ay "Walang tunay na diyos kundi si Allah." Ang Shahadah (Pagsaksi) o "La Ilaha Illallah" ay may dalawang saligan:

- 1. Ang pagtanggi o pagkaila at ito ay sa pamamagitan ng pagsabi ng "La Ilaha" o "Walang tunay na diyos",
- 2. At ang pagkilala at ito ay sa pamamagitan ng pagsabi ng "Illallah" o "Kundi si Allah."

Samakatuwid, ang pagsabi ng "La Ilaha" o "Walang tunay diyos" ay ang pagtanggi o pagkakaila ng pagkadiyos ng sinuman o anuman maliban kay Allah. At ang pagsasabi ng "Illallah" o "Kundi si Allah" ay ang pagkilala ng pagkadiyos ni lamang, wala nang iba pa, Kung gayon, walang Allah sasambahin kundi si Allah lamang at hindi ipinahihintulot na ibaling ang anumang uri ng pagsamba sa iba bukod pa kay Allah. Kaya ang sinumang magsabi ng "La Ilaha Illallah" at nalalaman niya ang kahulugan nito at kumikilos sa itinatadhana nito gaya ng pagtanggi sa Shirk (Pagtatambal kay Allah) at pagkilala sa kaisahan ni Allah na may kasamang matatag na pananalig sa isinasaad nito at may kasamang pagkilos ayon dito, siya talaga ang Muslim. Ang kumikilos naman avon sa itinatadhana ng "La Ilaha Illallah" ngunit hindi naniniwala rito ay Munafiq (Nagpapanggap na Muslim). At ang sinumang

kumikilos nang salungat sa itinatadhana ng "La Ilaha Illallah" gaya ng paggawa ng Shirk (Pagtatambal kay Allah), siya ay Mushrik (Taong nagtatambal kay Allah) na at Kafir (Taong ayaw o tumatangging sumapalataya kay Allah) pa kahit bigkasin pa man niya ang Shahadah.

Ang Kahalagahan ng La Ilaha Iliallah

- 1. Ang pagsampalataya sa La Ilaha Illallah (Shahadah) ang dahilan kung bakit hindi mananatili habang panahon sa impiyerno ang taong naging karapatdapat sa impiyerno.
- 2. Alang-alang sa Shahadah, ang Jinn at Tao ay nilalang. Ang sabi nga ni Allah: "Nilalang Ko lamang ang Jinn at ang Tao upang Ako ay sambahin nila." (51:56)
- 3. Alang-alang sa Shahadah ang mga Sugo ay ipinadala at ang makalangit na mga kasulatan ay ipinahayag.
- 4. Ito ang susi ng pangangaral at pag-aanyaya ng mga propeta ni Allah sapagkat ang lahat ng mga propeta ay ito ang ipinangaral. At tulad ng nasasaad sa Banal na Qur'an, ang bawat isa sa kanila ay nagsasabi sa mga taong pinangangaralan nila: "Sambahin ninyo si Allah, wala kayong ibang diyos maliban sa Kanya." (7:73)
- 5. Ito ang pinakamainam na katagang binabanggit sa paggunita kay Allah gaya na rin ng sabi ng Propeta (SAS): "Ang pinakamainam na sinabi ko at ng mga propeta na nauna sa akin ay 'La Ilaha Illallah Wahdahu La Shareeka Lah' (Walang tunay na diyos kundi si Allah -- tanging Siya lamang, wala Siyang katambal)."

Ang Pitong Kondisyon ng La Ilaha Illallah

Sinabi ng mga pantas ng Islam na may pitong kondisyon sa pagsasabi ng "La Ilaha Illallah" at hindi magiging katanggaptanggap ang pagbigkas lamang nito kung hindi isasaalang-alang ang mga sumusunod:

1. Ang Kaalaman

Ang ibig sabihin ng kaalaman ay ang mabatid ang kahulugan ng pagkakaila o pagtanggi (na may iba pang diyos) at ang pagkilala (na si Allah lamang ang diyos) at ang mabatid ang wastong pagkilos ayon sa kinakailangan. Samakatuwid, kung nalalaman ng isang tao na si Allah lamang ang Diyos at ang pagsamba sa iba ay walang saysay at siya ay kumikilos ayon sa kanyang nalalaman, talagang nalalaman niya ang kahulugan nito.

2. Ang Katiyakan

Ito ay nangangahulugang ang Shahadah ay bibigkasin nang may katiyakang nagdudulot ng kapanatagan sa puso na hindi pinapasukan ng anumang mga pag-aalinlangang ikinakalat ng mga demonyong tao at mga demonyong jinn. Kinakailangang sabihin ito nang may matatag na paniniwala sa mga ipinahihiwatig nito.

3. Ang Pagtanggap

Ang ibig sabihin ng pagtanggap ay tatanggapin ng puso at ng dila ang lahat ng itinatadhana ng Shahadah. Kaya paniniwalaan ang lahat ng ipinahayag ni Allah at ang lahat ng sinabi ng Kanyang Sugo (SAS), tatanggapin ang lahat ng iyon, at walang tatanggihang anuman. Pumapasok sa pagtanggi at dipagtanggap ang sinumang tumututol o tumatanggi sa ilang mga kautusan at kaparusahan ng Sharee'ah (Batas ng Islam). Ang halimbawa nito ay ang tumututol sa parusang iginagawad sa salang pagnanakaw o pangangalunya, o sa legalidad ng pagasasawa ng higit sa isa o sa paraan ng paghahati ng mana, at iba pa. Ang lahat ng ito ay pagtututol at di-pagtanggap sapagkat sinabi ni Allah na: "Hindi nararapat sa isang lalaking mananampalataya ni sa isang babaeng mananampalataya,

kapag may itinakda si Allah at ang Kanyang sugo, na mayroon pa silang ibang pipiliin sa kanilang pagpapasiya." (33:36)

4. Ang Pagtalimang Salungat sa Pagpapabaya

Iyon ay ang pagtalima sa ipinahihiwatig ng "La Ilaha Illallah". Ang pagkakaiba ng pagtalima at ang pagtanggap ay ang pagtanggap ay ang pagpapakita ng pagsunod sa pamamagitan ng salita, samantalang ang pagtalima ay ang pagsunod sa pamamagitan ng paggawa o pagkilos. Kapag nalalaman ng isang tao ang kahulugan ng "La Ilaha Illallah", ganap na nanampalataya rito, at tinanggap ito ngunit hindi tumalima, hindi sumunod, hindi nagpasakop, at hindi ginawa ang itinatadhana ng kanyang nalaman, ang lahat ng iyon ay wala ring mabuting maidudulot sa kanya.

5. Ang Katapatan

Ito ay ang katapatan kay Allah. Ito ay nangangahulugang dapat maging tapat ang isang tao sa kanyang pananampalataya at tapat sa kanyang mga pinaniniwalaan. Ang sabi nga ni Allah: "O mga sumasampalataya, matakot kayo kay Allah at maging kasama ng mga tapat." (9:119) Samakatuwid, kung binigkas man ng isang tao ang Shahadah sa pamamagitan ng kanyang dila ngunit tinanggihan naman ng puso ang ipinahihiwatig nito, ang Shahadah na ito ay hindi makapagliligtas sa kanya sa halip ay pumapasok lamang siya sa hanay ng mga Munafiq (Nagpapanggap na Muslim).

6. Ang Kawagasan ng Hangarin

Ito ay ang paglilinis ng tao ng kanyang gawa o kilos sa lahat ng uri ng Shirk (ang pagtatambal kay Allah) sa pamamagitan ng mabuting hangarin. Ito ay nangangahulugang wagas na mamumutawi sa kanya ang mga salita at mga gawa alang-alang kay Allah at sa layuning makamit ang kasiyahan ni Allah nang walang halong pagpapakitang-tao o hangaring mapuri ng tao o

paghahangad na magtamo ng kapakinabangan o layuning makasarili o pagnanasang hayag o lihim o pagkilos dahil sa udyok ng pagmamahal sa isang tao o pananaw sa buhay o prinsipyo o patidong sinusunod ng walang pagsasaalng-alang ng patnubay buhat kay Allah. Ang lahat ng mga gawa ay kailangang gawin sa paghahangad na makamit ang kasiyahan ni Allah. Hindi dapat ibaling ang puso sa kahit sinumang nilikha sa pagnanais na makamit ang gantimpala nito o pagpapasalamat nito.

7. Ang Pagmamahal

Ang tinutukov rito ay ang pagmamahal sa dakilang prinsipyo ng "La Ilaha Illallah", sa ipinahihiwatig nito, at sa itinatadhana nito. Samakatuwid, mamahalin si Allah at ang Sugo Niva (SAS) at pangingibabawin ang pagmamahal sa Kanilang dalawa higit sa lahat ng pagmamahal sa kaninuman. Gagampanan ang mga kondisyonng hinihingi ng pagmamahal na ito at ang mga kinakailangan dito. Kaya mamahalin si Allah nang may kasamang pagpipitagan, pagdakila, takot, at pag-asa. Mamahalin ang mga pook na minamahal ni Allah tulad ng Makkah, Madinah, at ang mga Masjid -- sa kabuuan; ang mga panahon tulad ng buwan ng Ramadan, sampung araw sa buwan ng Dhul Hijjah (Ang unang sampung araw sa huling buwang ng kalendaryo ng Islam); ang mga sugo, mga anghel, mga taong matatapat, mga Shaheed (Taong namatay na nakikipaglaban alang-alang kay Allah), at mga mabubuting tao; mga gawaing panrelihiyon tulad ng Salah, Zakah, Sawm (Pag-aayuno), Haji (Pagdalaw sa Makkah kahit minsan lamang sa tanang buhay), at marami pang iba; ang mga pag-usal tulad ng Dhikr (Pag-usal ng mga pagpupuri kay Allah at mga panalangin sa Kanya) at pagbabasa ng Qur'an. Ang pagmamahal ay nangangahulugan din na mamahalin ang mga minamahal ni Allah nang higit kaysa minamahal ng sarili, mga pinakaaasam-asam nito, at mga

minimithi nito. Bahagi rin ng pagmamahal ang kasuklaman ang kinasusuklaman ni Allah.

Ang Kahulugan ng Muhammad Rasulullah

Ang "Muhammad Rasulullah" o "Si Muhammad ay Sugo ni Allah" ay nangangahulugang Siya ay isinugo ni Allah at siya ang kahuli-hulihan sa mga Propeta. Pinaniniwalaan natin ang sinabi niya, ipinatutupad natin ang ipinag-utos niya, iwinawaksi natin ang ipinagbawal niya, at sinasamba natin si Allah ayon sa kanyang itinuro. Siya ang lingkod at Sugo ni Allah kaya tungkulin nating mahalin siya. At ang pagmamahal sa kanya ay ang pagsunod sa kanya sapagkat ang lahat ng kanyang dinalang katuruan ay kay Allah lamang nagbuhat at hindi sa ganang kanyang sarili lamang.

Maikling Pagpapaliwanag ng mga Haligi ng Pananampalataya

Nalalaman natin, batay sa mga katibayan buhat sa Qur'an at Hadeeth, na ang mga gawa at mga salita ay nagiging tama at tanggap lamang kapag nagmula sa wastong paniniwala. Samakatuwid, kung ang paniniwala ay hindi tama, mawawalan ng saysay ang lahat ng mga gawa at salitang nagmula rito gaya ng sabi ni Allah: "At ang sinuman ang tumanggi sa pananampalataya, nawalan na ng kabuluhan ang kanyang gawa at siya, sa kabilang buhay, ay kabilang sa mga talunan." (5:5) At ang sabi pa Niya: "At ipinahayag sa iyo (Muhammad), at sa mga nauna sa iyo, na kung ikaw ay magtatambal (kay Allah) ay tunay ngang mawawalan ng kabuluhan ang iyong gawa at mapabibilang ka sa mga talunan." (39:65)

Ipinakikita ng aklat ni Allah at ng Hadeeth ng Kanyang Sugo (SAS) na ang wastong paniniwala ay nakabatay sa paniniwala:

- 1. Kay Allah,
- 2. Sa Kanyang mga anghel,
- 3. Sa Kanyang mga aklat,
- 4. Sa Kanyang mga Sugo,
- 5. Sa kabilang buhay, at
- 6. Sa itinakdang kapalaran -- ang mabuti at masama nito.

Ang anim na ito ang saligan ng wastong paniniwala na nasasaad sa Qur'an at dahil dito ay isinugo ni Allah ang Kanyang Sugo na si Muhammad (SAS).

Ang Paniniwala kay Allah

Bahagi ng pananampalataya kay Allah ay ang maniwala na Siya ang tunay na Diyos at Siya lamang ang karapat-dapat na sambahin at wala nang iba pa sapagkat Siya ang lumikha sa sangkatauhan, ang nagbibigay ng mabuti sa kanila, nagbibigay ng kanilang mga pangangailangan, ang nakaaalam ng kanilang inililihim at inihahayag, ang may kapangyarihang maggantimpala sa masunurin sa kanila at magparusa sa suwail sa kanila. Alang-alang sa pagsamba ay nilikha ni Allah ang Jinn at Tao at inatasan silang Siya lamang ang sambahin. Ang sabi Niya: "At nilikha Ko lamang ang Jinn at ang Tao upang Ako'y sambahin nila. (51:56) Ipinadala ni Allah ang mga Sugo at ipinahayag Niya ang mga kasulatan upang ilahad ang katotohanang ito at upang anyayahan ang mga tao na Siya lamang ang sambahin at upang bigyang-babala sila laban sa pagsalungat dito. Ang sabi Niya: "At nagpadala kami sa bawat bansa ng sugo (na ang pangaral ay): 'Sambahin ninyo si Allah at iwasan ninyo ang diyos-diyusan.'" (16:36)

Ang tunay na pagsamba ay ang ibukod-tangi si Allah sa lahat ng uri ng pagsambang isinasagawa ng tao gaya ng panalangin, takot, pag-asa, dasal (Salah), pag-aayuno (Sawm), pag-aalay ng hayop, panata at iba pang mga uri ng pagsamba. Ang pagsamba sa Kanya ay sa pamamaraang may pagpipitagan sa Kanya at sa

pamamaraang batay sa pag-asa at takot na may kasamang lubos na pagmamahal sa Kanya at pagpapakumbaba sa Kanyang kadakilaan. Ang karamihan sa mga talata ng Qur'an ay naglalahad ng katotohanang ito tulad halimbawa ng sinabi ni Allah: "Samakatuwid, sambahin mo nang tapat si Allah. Tunay na ang Relihiyon (pagsamba at pagsunod) ay para kay Allah lamang. (39:2-3); "At iniatas ng inyong Panginoon na wala kayong ibang sasambahin kundi Siya lamang." (17:23)

Bahagi rin ng pananampalataya kay Allah ang maniwala sa lahat ng mga tungkulin at obligasyong ibinigay Niya sa tao gaya ng limang haligi ng Islam. Ang limang haligi ng Islam ay:

- 1. Ang pagsaksi na walang tunay na Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah,
 - 2. Ang pagsasagawa ng Salah,
 - 3. Ang pagbibigay ng Zakah,
 - 4. Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan, at
- 5. Ang pagsasagawa ng Hajj o pagdalaw sa Sagradong Bahay ni Allah sa Makkah para sa sinumang may kakayahang isagawa iyon.

Mayroon pang ibang mga tungkulin na nabanggit sa Sharee'ah o batas ng Islam na dapat isagawa rin. At ang pinakamahalaga at pinakadakila sa limang haliging ito ng Islam ay ang "pagsaksi na walang tunay na Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah."

Ang Paniniwala sa mga Anghel

Ang kabuuan at ang detalye ng mga pahayag hinggil sa kanila ay kailangang paniniwalaan. Naniniwala ang mga Muslim na nilalang ni Allah ang mga anghel upang sumunod lamang sa Kanya. May iba't ibang tungkulin ang mga anghel. Mayroon sa kanila na mga itinalaga upang pumasan ng Trono ni Allah, mga itinalaga upang magbantay sa paraiso at impiyerno, at mayroong mga tagapagtala ng mga gawa ng tao. Naniniwala ang mga

Muslim sa mga anghel na binanggit mismo ni Allah at ng Kanyang Sugo (SAS) gaya halimbawa nina Jibreel, Meekaeel, Malik na tagapagbantay ng impiyerno, Israfeel na nakatalaga sa pag-ihip ng tambuli. Ang mga ito ay nabanggit sa Hadeeth. Nabanggit din sa Hadeeth, ayon kay A'ishah (RA), na sinabi ng Propeta (SAS): "Nilikha ang mga anghel buhat sa liwanag, nilikha ang mga jinn buhat sa apoy na walang usok, at nilikha si Adan ayon sa nailarawan na sa inyo (nilikha siya buhat sa alabok)."

Ang Paniniwala sa mga Aklat

Sa kabuuan, kailangang maniwala na si Allah ay nagpahayag ng mga aklat sa kanyang mga propeta at mga sugo upang ipaliwanag sa sangkatauhan ang Kanyang karapatan at upang anyayahan sila na sa Kanya lamang sumamaba. Naniniwala ang mga Muslim sa mga aklat na ang mga pangalan ay binanggit mismo ni Allah tulad ng Tawrah (ang pangalan ng aklat na ipinahayag kay Moises (AS)), ang Zaboor (ang aklat na ipinahayag ka David (AS)), Injeel (ang ipinahayag kay Jesus (AS)), at ang Qur'an (ang ipinahayag kay Muhammad (SAS)).

Ang Qur'an ang pinakamainam sa lahat ng mga kasulatan at ang pinakahuli sa lahat. Ang Qur'an ang tagapangalaga ng mga sinaunang aklat at ang nagpapatotoo sa mga ito. Ito ang kailangang sundin at gawing batas ng samabayanang Muslim kasama ng mga Sunnah ng Sugo (SAS) na napatunayang totoo sapagkat ipinadala ni Allah ang Kanyang Sugo na si Muhammad (SAS) bilang Sugo sa lahat ng jinn at tao at ipinahayag Niya rito ang Qur'an upang siyang humatol sa kanila. Ginawa ni Allah ang Qur'an na gamot sa mga puso at tagapagbigay-linaw sa lahat ng bagay, patnubay, at habag para sa mga sumasampalataya. Ang sabi ni Allah: "At ito ang pinagpalang aklat (Qur'an) na aming ipinahayag, kaya sundin ninyo ito at magkaroon kayo ng takot (kay Allah) upang kayo'y kahabagan." (6:155) Ang sabi pa

Niya: "Ipinadala namin sa iyo (Muhammad) ang aklat (Qur'an) upang maging tagapagbigay-linaw sa lahat ng bagay, at bilang patnubay, habag, at magandang balita para sa mga Muslim." (16:89)

Ang Paniniwala sa mga Sugo

Kailangang maniwala sa mga Sugo, sa kabuuan at sa detalye. Samakatuwid, naniniwala ang mga Muslim na si Allah ay nagpadala sa mga tao ng sugo na buhat sa kanila bilang tagapaghatid ng magandang balita, tagapagbabala, at tagapaganyaya sa katotohanan. Ang sinumang tumugon sa kanila ay magtatamo ng kaligayahan at ang sinumang sumalungat sa mabibigo at magsisisi. Ang pinakahuli kanila av pinakamainam sa lahat ng mga Sugo ay ang ating Propeta na si Muhammad bin Abdullah (SAS) gaya ng sabi ni Allah: "At nagpadala kami sa bawat bansa ng sugo (na ang pangaral ay): 'Sambahin ninyo si Allah at iwasan ninyo ang diyos-diyusan." (16:36) Ang binanggit ni Allah sa kanila o napatunayang binanggit ng Sugo ni Allah (SAS) ay tiyakang pinaniniwalaan ng mga Muslim tulad nina Noah, Hud, Salih, Abraham at iba pa --Ang pinakamainam na pagpapala at pinakadalisay na pagbati ay sumakanilang lahat at gayundin sa ating Propeta.

Ang Paniniwala sa Kabilang Buhay

Tungkol naman sa paniniwala sa kabilang buhay, napapaloob dito ang paniniwala sa lahat ng sinabi ni Allah at ng Kanyang Sugo (SAS) na may kinalaman sa mangyayari matapos ang kamatayan gaya halimbawa ng pagtatanong na daranasin ng namatay sa loob ng libingan (tatanungin siya kung sino ang kanyang Panginoon, kung sino ang kanyang Propeta, at kung ano ang kanyang relihiyon), ang pagdurusa o kaginhawahang daranasin sa libingan, at sa mga mangyayari sa araw ng pagkabuhay na muli gaya halimabawa ng mga kahila-hilakbot na mga bagay, mga paghihirap, pagtawid sa Sirat (daang manipis pa

sa buhok at matalas pa sa espada na itatayo sa ibabaw ng impiyerno), timbangan ng mga gawa, pagsisiyasat, pagbibigay ng gantimpala o parusa, paglalahad ng aklat ng mabuti't masamang gawa sa harap ng mga tao anupa't mayroon sa kanilang kukunin ang kanyang aklat ng mga gawa sa pamamagitan ng kanang kamay o kaliwang kamay o dili kaya'y kukunin mula sa likuran. Napapaloob din dito ang paniniwala sa lawa ng Propeta (SAS) (na kapag ininuman ng kanyang mga tagasunod sila ay hindi na mauuhaw magpakailan man), ang paniniwala sa paraiso at impiyerno, ang paniniwala na makikita at makakausap ng mga mananampalataya ang kanilang Panginoon, at iba pang mga nasasaad sa Qur'an at mga Hadeeth ng Sugo ni Allah (SAS). Kailangang sampalatayaan at paniwalaan ang lahat ng mga ito sa paraang ipinaliwanag ni Allah at ng Kanyang Sugo (SAS).

Ang Paniniwala sa Itinakdang Kapalaran

Napapaloob sa paniniwala sa itinakdang kapalaran ang apat na bagay:

- 1. Alam ni Allah ang nangyari, nangyayari, at mangyayari. Alam Niya ang mga kalagayan ng mga tao, ang mga makakamit nila sa daigdig, ang taning ng kanilang buhay, ang kanilang mga gawa, at iba pang mga bagay-bagay na hindi nalilingid sa Kanya.
- Ang sabi nga Niya: "Tunay na nalalaman ni Allah ang bawat bagay." (8:75)
- 2. Isinulat ni Allah ang lahat ng itinakda at itinadhana Niyang mangyari gaya ng sabi Niya: "At ang lahat ay itinala namin sa malinaw na aklat." (36:12)
- 3. Ang paniniwala sa nangingibabaw na kalooban ni Allah; kaya kung ano ang niloob niya ay siyang mangyayari at ang hindi niya niloob ay hindi manyayari gaya ng sabi Niya: "Ginagawa ni Allah ang anumang ninanais Niya." (22:18)

4. Siya ang naglalang sa lahat ng bagay; walang ibang tagapaglikha bukod sa Kanya at walang ibang Panginoon maliban sa Kanya gaya ng sabi Niya: "Si Allah ang tagapaglalang ng lahat ng bagay at siya ang tagapagtaguyod sa lahat ng bagay." (39:62)

Ang mga Nakasisira sa Pagka-Muslim

Dapat na iyong mabatid, kapatid sa Islam, na inobliga ni Allah ang sangkatauhan na pumasok sa Islam, manatili rito, at mag-ingat sa mga bagay na sumasalungat dito. Ipinadala Niya ang kanyang Propeta na si Muhammad (SAS) upang ipangaral ang mga nabanggit. Ipinabatid din Niya na ang sinumang tumalikod sa Kanyang mensahe ay maliligaw. Nagbigay babala Siya sa maraming mga talata ng Qur'an hinggil sa mga sanhi ng pagtalikod sa Islam, mga uri ng Shirk (pagtatambal kay Allah), at mga dahilan ng pagkawala ng pananampalataya. Ang pinakamaselan at pinakamadalas na mangyaring mga bagay na nakasisira sa pagkamuslim ng isang tao ay ang sampung sumusunod na babanggitin natin sa maikling mga salita para sa iyo.

- 1. Ang Shirk o pagtatamabal sa pagsamba kay Allah. Ang sabi niAllah: "Tunay na hindi patatawarin ni Allah na Siya ay tambalan, ngunit igagawad Niya ang kapatawaran sa anumang (kasalanan) maliban pa roon sa kaninumang naisin Niya." (4:48)
- 2. Ang gumawa ng mga tagapamagitan sa kanya at kay Allah --dumadalangin sa mga ito, humihiling sa mga ito na mamagitan kay Allah para sa kanya, at nananalig sa mga ito -- ay naging Kafir (tumatangging sumampalataya o hindi sumasampalataya).
- 3. Ang hindi nagtuturing na mga Kafir ang mga Mushrik (sumasamba sa iba bukod pa kay Allah) o nag-aalinlangang sa

pagiging Kafir nila o nagtuturing na tama ang kanilang paniniwala ay naging Kafir na rin.

- 4. Ang naniniwala na ang patnubay na iba sa patnubay ng Propeta (SAS) ay mas perpekto pa kaysa patnubay ng Propeta (SAS) o ang batas na iba sa batas na ipinahayag sa Propeta (SAS) ay mas mabuti pa kaysa batas na ipinahayag sa Propeta (SAS) gaya ng ginagawa na iba na mas tinatangkilik pa ang batas ng mga naghahari-harian kaysa batas ni Allah ay naging Kafir na.
- 5. Ang nasusuklam sa mensaheng hatid ng Sugo (SAS), kahit sabihin pang ginagampanan niya ito, ay naging Kafir na ayon sa sinabi ni Allah: "Iyon ay dahil sa kinasuklaman nila ang ipinahayag ni Allah kaya nawalan na ng kabuluhan ang kanilang mga gawa." (47:9)
- 6. Ang humahamak sa anuman sa katuruan ng Sugo (SAS) o sa gantimpala o kaparusahan ng anumang gawa ay naging Kafir na. Ang batayan nito ay ang sinabi ni Allah: "Sabihin, 'si Allah at ang Kanyang Sugo ba ang inyong tinutuya? Huwag na kayong magdahilan pa; naging hindi na kayo mananampalataya matapos na kayo ay sumapalataya." (9:65-66)
- 7. Ang pagsangkot sa salamangka pati na sa pangagayuma.
- 8. Ang pagpanig at pakikipagtulungan sa mga Mushrik laban sa kapwa mga Muslim. Ang patunay ay ang sinabi ni Allah: "At kung sinuman sa inyo na ginagawa sila (mga dimananampalataya) na mga Walee (tagatangkilik, kakampi, at iba pa), siya ay magiging kasama na nila. Tunay na hindi pinapatnubayan ni Allah ang mga makasalanan (o Kafir)." (5:51)
- 9. Ang naniniwala na may mga piling tao na maaaring hindi masaklawan ng Sharee'ah o batas na ipinahayag kay Muhammad (SAS) ay naging isa nang Kafir ayon na rin sa sinabi ni Allah: "Ang sinumang maghangad ng relihiyong iba sa Islam, kailan

man ay hindi iyon matatanggap sa kanya at sa kabilang buhay ay mapabibilang siya sa mga talunan." (3:85)

10. Ang pagtalikod sa relihiyon ni Allah (Islam) sa pamamagitan ng hindi pag-aaral nito at hindi pagkilos ayon sa mga katuruan nito. Ang patunay ay ang sinabi ni Allah: "At sino pa ang lalong makasalanan kundi ang pinaalalahanan na hinggil sa mga Ayah (pahayag, patunay, aral, at tanda) ng kanyang Panginoon subalit tinalikuran ang mga ito? Tunay na Kami, sa mga salarin (kriminal, di-mananampalataya, pagano, makasalanan, at iba pa), ay maghihiganti." (32:22)

Walang pinagkaiba ang taong nagbibiro o seryoso o natatakot maliban sa taong napilitan na nakagawa ng alinman sa mga nabanggit na nakasisira sa pagiging ganap na Muslim. Ang lahat ng ito ay lubhang nagiging mapanganib at lubhang madalas mangyari. Samakatuwid, nararapat lamang na mag-ingat at matakot ang isang Muslim sa makagawa ng alinman na mga nabanggit.

Napapaloob sa pang-apat ang sinumang naniniwala na ang mga patakaran o mga batas na gawa-gawa ng tao ay mas magaling pa sa batas ng Islam o ang patakaran ng Islam ay hindi angkop na pairalin sa ikadalawampung siglo (sa ngayon) o ito ang siyang dahilan kung bakit napag-iiwanan ng panahon ang mga Muslim o kailangang limitihan ang batas ng Islam sa relasyon ng tao sa kanyang Panginoon at hindi dapat na manghimasok ang batas ng Islam sa iba pang mga aspeto ng buhay.

Napapaloob din sa pang-apat ang naniniwalang ang pagpapatupad ng mga alituntunin ni Allah hinggil sa pagputol ng kamay ng magnanakaw o pagbato hanggang sa mamatay ang taong may asawa na nangalunya ay hindi angkop sa kasalukuyang panahon. Napapaloob din dito ang sinumang naniniwala na maaaring pairalin ang batas, na iba sa batas ng

Allah, sa larangan ng pakikitungo sa kapwa o pagpaparusa ng mga krimen o maging anupaman iyon at kahit sabihin pang hindi siya naniniwala na iyon ay mas mainam pa sa batas ni Allah dahil kapag nagkagayon ay itinuturing na niyang di-bawal ipinagbawal ni Allah. Ang nagtuturing na hindi bawal ang malinaw na ipinagbawal sa Islam tulad ng pangangalunya, paginom o pag-gamit ng anumang nakalalasing o nakalalango, pagpapatubo sa utang, at pagpapairal sa mga patakarang taliwas sa batas ni Allah ay isang Kafir ayon sa pagkakaisa ng mga Muslim.

Ilang Mahahalagang mga Punto

- A. Ang pinagbabatayan ng mga pinaniniwalaan sa Islam ay ang Aklat ni Allah (Qur'an), ang Sunnah ng Kanyang Sugo (SAS), at ang Ijma (napagkaisahan) ng mga mabubuting Salaf (As-Salaf As-Salih)*
- **B.** Ang bawat Sunnah ng Sugo (SAS) na napatunayang tunay ay kinakailangang tanggapin.
- C. Ang lahat ng mga pangunahing katuruan (Usooluddeen) ay nilinaw na ng Propeta (SAS) at walang karapatan ang sinuman na gumawa o magpasok ng bago at sabihing ito ay bahagi ng katuruan.
- **D.** Ang pagtalima nang hayagan o palihim kay Allah at sa Kanyang Sugo (SAS) ay isang tungkulin.
- E. Ang patakaran hinggil sa mga pangalan at mga katangian ni Allah ay: "Ang mga pangalan at mga katangian na kinilala ng Kanyang Sugo (SAS) ay kikilalanin nang hindi bibigyang pakahulugan (Takyeef), hindi ihahalintulad (Tamtheel), at

^{*}Ang Salaf: Sila ang mga taong nangunguna sa samabayanang Muslim na kinabibilangan ng mga Sahabah (RA) ng Propeta (SAS), mga tagasunod ng mga ito, at ang mga Imam ng Islam sa unang tatlong siglo ng Islam. Ang katawagang ito ay itinalaguri rin sa sinumang ginagawang huwaran ang Salaf.

tatanggihan ang tinanggihan ni Allah para sa Kanyang sarili at ang tinanggihan ng Kanyang Sugo (SAS).

- F. Ang sinumang maniwala sa Wahdatul Wujud (Paniniwalang si Allah ay ang lahat ng bagay at ang lahat ng bagay si Allah. Ito at tinatawag na Pantheism sa Ingles.) at sa pagpasok at pagsanib ni Allah sa alinman sa kanyang mga nilikha ay nawalan na ng pananampalataya at lumabas sa Islam.
- G. Walang nakaaalam sa Ghayb (Mga bagay na di-nakikita) kundi si Allah lamang. At nawawala ang pananampalataya ng sinumang naniniwala na maliban pa kay Allah ay mayroon pang nakaaalam sa Ghayb. Ngunit naniniwala tayong ipinaalam ni Allah sa ilan sa kanyang mga Sugo ang ilang bagay tungkol sa Ghayb.
- **H.** Ang paniniwala sa mga manghuhula (na gumagamit ng baraha, bolang kristal, palad, horoscope, at maging ano pa man) ay kawalan ng pananampalataya. At ang pagsadya at pagpunta sa kanila ay isang pangunahing kasalanan.
- I. Hindi ipinahihintulot na sabihin o paniwalaan nang tiyakan na ang isang tao ay papasok sa paraiso o impiyerno maliban na lamang kung malinaw na sinabi sa Qur'an o Hadith.

وصلى الله وسلم وبارك على نبينا محمد وعلى أله وصحبه وسلم.

أفي الكريم وأفتي الكريمة

ندعوكم للمشاركة في إنجاح أعمال المكتب وتحقيق طموحاته من خلال إسهامكم بالأفكار والمقترحات والدعم المادي والمنوي.

فلا تعرم نفسك الأجر بالشاركة في دعم أعمال للكتب

delo ... _ S Hall lake Utal

غسرض البحسياب	رقم الحسساب	إسم الحساب	1
خاص بتسيير أعمال الكتب كمثل رواتب الدعاة والعاملين وخدمات أخرى	1902-4-1-1-4V	التبرعات المامة	1
خاص بطباعة الكتب والطويات وغيرها	1907-1-1-1007	تبرعات الكتب	1
خاص بأصناف الزكاة	1407-1-1-1-177	تبر مات الزكاة	1
خاص بتشييد مبلاي الكتب	1907-1-1-17007	مقسرالسكتب	1

الحساب للوحد أجعزن مسائل اللائن المسالية العالمة المساك المترعصرف الراجحي



441-24-71-7-7-2435

